Listahan ng SSC at ELAC ng mga Kinakailangan ng Proseso para sa BSC

KONSEHO NG PAARALAN (SCHOOL SITE COUNCIL, SSC)	TAGAPAYONG KOMITE NG MGA MAG-AARAL NG INGLES (ENGLISH LEARNER ADVISORY COMMITTEE-ELAC)
☐ **GAWAIN:** May SSC ang paaralan para maglinang, sumubaybay, at magtasa ng Balanseng Pagtatala ng mga Marka (Balanced Scorecard, BSC)/Iisang Plano para sa Tagumpay ng Mag-aaral (Single Plan or Student Achievement, SPSA).	☐ **GAWAIN:** Ang paaralan ay may 21 o higit pang mga estudyanteng Mag-aaral ng Ingles (English Learner, EL) at mayroong ELAC para magbigay ng mga rekomendasyon hinggil sa mga programa at serbisyong EL na kasama sa BSC/SPSA at badyet ng paaralan.
☐ **MGA BUMUBUO NG KASAPIAN:** ○ **NUMERONG EVEN (HALIMBAWA, 2. 4, 6, 8) ANG BILANG MGA MGA MIYEMBRO NG SSC** (hindi bababa sa 10 para sa elementarya at 12 para sa sekondarya). Hindi kasama sa bilang na ito ang mga kapalit na miyembro o alternates. ○ **KALAHATI SA KASAPIAN NG SSC** ay mga kawani ng paaralan. ○ **MGA GURO NG KLASRUM ANG BUMUBUO** ng karamihan sa mga kawani ng paaralan. ○ **KALAHATI SA KASAPIAN** ay binubuo ng mga magulang at/o miyembro ng komunidad at mga estudyante. ○ **PARA SA SEKONDARYA,** pantay ang bilang ng mga magulang (o iba pang miyembro ng komunidad) at mga estudyante. ○ Puwedeng magsilbi ang mga empleyado na mga magulang/tagapangalaga rin bilang inihalal na kinatawan ng mga kawani kung pumapasok ang kanilang anak sa parehong paaaralan kung saan nagtatrabaho ang magulang/tagapangalaga. Puwedeng	☐ **MGA BUMUBUO NG KASAPIAN:** ○ Kasama sa kasapian ng ELAC ang mga **MAGULANG NG MGA MAG-AARAL NG INGLES.** ○ **ANG PORSIYENTO NG MGA MAGULANG NG EL** ay hindi bababa sa kalahati ng mga estudyanteng Mag-aaral ng Ingles sa paaralan. ○ **ANG MGA MAGULANG NG EL na naka-empleyo** sa distrito ay hindi dapat ibilang sa mga magulang ng EL na bumubuo sa ELAC; gayon pa man, puwede silang mahalal bilang mga karagdagang miyembro mula sa hanay ng mga magulang o komunidad.

Listahan ng SSC at ELAC ng mga Kinakailangan ng Proseso para sa BSC

KONSEHO NG PAARALAN (SCHOOL SITE COUNCIL, SSC)	TAGAPAYONG KOMITE NG MGA MAG-AARAL NG INGLES (ENGLISH LEARNER ADVISORY COMMITTEE-ELAC)
magsilbi ang mga magulang/tagapangalaga bilang inihalal na miyembro na mga "magulang" kung pumapasok ang kanilang anak sa ibang paaralan sa pinagtatrabahuhan ng magulang/ tagapangalaga.	
☐ **MGA ELEKSIYON:** ○ Inihalal ang mga SSC noong Taglagas o Tag-araw, depende sa mga tuntunin. ○ Inihalal ang mga **MIYEMBRONG GURO** ng kanilang mga kasamahan. ○ Inihalal ang mga miyembrong **MAGULANG/MULA SA KOMUNIDAD** ng kanilang mga kasamahan. ○ Inihalal ang mga **MIYEMBRONG ESTUDYANTE** ng kanilang mga kapwa mag-aaral (sekondaryo lamang).	☐ **MGA ELEKSIYON:** ○ Inihalal ang mga ELAC noong Taglagas. ○ Iyon lamang mga magulang ng mga estudyanteng EL ang bumoto para sa mga miyembro ng ELAC mula sa hanay ng mga magulang at komunidad. ○ Puwedeng italaga ng prinsipal ang mga miyembro na mga kawani. ☐ **KINATAWAN SA DELAC :** Naghalal ang bawat Tagapayong Komite ng mga Mag-aaral ng Ingles (English Learner Advisory Committee-ELAC) ng kahit man lang isang miyembro para sa Tagpayong Komite ng Mag-aaral ng Ingles ng Distrito (District Learner Advisory Committee, DELAC).
☐ **TAKDANG PANAHON NG PANUNUNGKULAN** Bawat panahon ng panunungkulan ay para sa 2 taon (ayon sa pagkakatakda sa mga tuntunin). Noong nagkaroon ng mga bakanteng puwesto sa panahon na panunungkulan, nagsagawa ng eleksiyon para punan ang mga puwesto o inilipat ang mga noon pang napili na kapalit (alternates) sa mga	☐ **TAKDANG PANAHON NG PANUNUNGKULAN:** Bawat panahon ng panunungkulan ay para sa 2 taon. Nooong nagkaroon ng mga bakanteng puwesto sa panahon na panunungkulan, nagsagawa ng eleksiyon para punan ang mga puwesto.

Listahan ng SSC at ELAC ng mga Kinakailangan ng Proseso para sa BSC

KONSEHO NG PAARALAN (SCHOOL SITE COUNCIL, SSC)	TAGAPAYONG KOMITE NG MGA MAG-AARAL NG INGLES (ENGLISH LEARNER ADVISORY COMMITTEE-ELAC)
bakanteng puwesto.	
☐ **MGA RESPONSIBILIDAD:** ○ Bumuo at magpatupad ng mga tuntunin. ○ Panatilihing maayos at tumpak ang mga rekord (hal. mga eleksiyon, mga opisyal na sulat). ○ Bumuo at regular na magrepaso ng Polisiya Hinggil sa Pagpapabilang sa Mga Magulang (Parent Involvement Policy) at Kasunduan ng Tahanan at Paaralan o Home-School Compact (kinakailangan para sa mga paaralang Titulo I). ○ Maglinang, sumubaybay, at magtasa ng Plano para sa Tagumpay ng Mag-aaral (Single Plan or Student Achievement, SPSA). ○ Kumuha ng opinyon mula sa iba pang tagapayong konseho at komite.	☐ **MGA RESPONSIBILIDAD:** ○ Pagpayuhan ang prinsipal hinggil sa mga programa at serbisyo para sa mga EL. ○ Pagpayuhan ang SSC sa paglinang ng BSC/SPSA at ng Karagdagan at Nakatuong Tulong-Pinansiyal (Supplemental Concentration Grant) -- badyet ng Mga Mag-aaral ng Ingles (SCG-EL). ○ Tumutulong sa pagtatasa ng mga pangangailangan ng paaralan at ng taunang census sa wika. ○ Pinalalawak pa ang kamalayan ng mga magulang sa kahalagahan ng pagpasok sa klase.
☐ **PAGPAPANATILING MAAYOS NG MGA REKORD:** Itabi at panatilihing maayos ang mga dokumento para sa bawat pulong, kasama na ang abiso ng pulong, adyenda o pag-uusapan sa pulong, mga tala ng isinagawang pulong, at listahang pinipirmahan ng mga nagsisidalo sa pulong.	☐ **PAGPAPANATILING MAAYOS NG MGA REKORD:** Itabi at panatilihing maayos ang mga dokumento para sa bawat pulong, kasama na ang abiso ng pulong, adyenda o pag-uusapan sa pulong, mga minutes o tala ng isinagawang pulong at listahang pinipirmahan ng mga nagsisidalo sa pulong.
☐ **PARA SA BSC/SPSA:** May mga tala ng isinagawang pulong na nagsisilbing dokumentasyon na nagkaloob ang ELAC ng mga rekomendasyon sa SSC habang isinasagawa ang proseso para sa BSC.	☐ **PARA SA BSC/SPSA:** Ang payong ipinagkaloob ng ELAC hinggil sa paglinang sa Balanseng Pagtatala ng mga Marka/Iisang Plano para sa Tagumpay ng Mag-aaral (Balanced Score Card/Single Plan for Student

Listahan ng SSC at ELAC ng mga Kinakailangan ng Proseso para sa BSC

KONSEHO NG PAARALAN (SCHOOL SITE COUNCIL, SSC)	TAGAPAYONG KOMITE NG MGA MAG-AARAL NG INGLES (ENGLISH LEARNER ADVISORY COMMITTEE-ELAC)
	Achievement, BSC/SPSA), kasama na ang badyet ng paaralan. May mga tala ng isinagawang pulong ng ELAC na nagsisilbing okumentasyong ng mga rekomendasyon ng ELAC.

☐ **PAGSASANIB NG ELAC at SSC:** Para sa mga ELAC na sumanib na sa SSC, mangyaring tiyakin na nagawa ang mga sumusunod na hakbang:

- Matapos mahalal at makapagsanay ang ELAC sa kanilang mga responsibilidad bilang komite, puwede nitong ipasa ang responsibilidad para sa lahat ng mga kinakailangang gawain sa SSC, o sa isang nakatatag nang tagapayong komite ng paaralan nang hanggang sa dalawang taon (EC 52870).
- Para maipasa ang kanilang mga responsibilidad sa SSC, kailangang bumoto ang mga kasapi ng ELAC para sa pagpapasang ito. Kapag naisagawa na ang boto, natanggap ang paglilipat, at naitala ito sa minutes o mga tala ng pulong ng dalawang pangkat para sa pagpapayo, kompleto na ang paglilipat ng mga responsibilidad.
- Kailangang tuparin ng SSC o ng nariyan nang komite para sa pagpapayo ng paaralan ang mga legal na responsibilidad ng ELAC, kasama na ang mga sumusunod:
  - Kailangang ang bilang ng mga magulang na nasa komite ay kapareho o hindi bababa, sa porsiyento ng mga estudyanteng EL;
  - Magrepaso ng programa at mga serbisyong EL, at magkaloob ng payo tungkol sa mga ito, hal., ang BSC/SPSA, at badyet; at
  - Tumulong sa pagsasagawa ng mga pagtatasa sa mga pangangailangan ng paaralan at mga pagsusumikap na gawing malay ang mga magulang sa kahalagahan ng regular na pagpasok sa klase.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA SSC: Mary Elisalde - 415-379-7617 o elisaldem@sfusd.edu	**PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA ELAC:** Lucía Pérez Barrow - 415-379-7640 o barrowl@sfusd.edu Selina Tso - 415-379-7737 o tsos@sfusd.edu